

Impormasyon ukol sa State Emergency para sa Mga Customers ng California

Kapag ipinahayag ng Gobernador ng California o ng Presidente ng Estados Unidos ang State of Emergency at ang nauugnay na krisis ay nagdulot ng pagkawala o paggambala sa delivery o pagtanggap ng mga serbisyo na ibinibigay ng Mediacom, o nagresulta sa pagbaba ng mga serbisyong iyon, ipapatupad ang mga sumusunod na pamamaraan ng disaster relief **kung saan naaangkop:**

1. Aalisin ang one-time na activation fee para sa pagtatag ng remote call forward, remote access para sa call forwarding, mga feature ng call forwarding at mga messaging services.
2. Aalisin ang isang buwan ng buwanang rate para sa mga feature na nakalista sa (1) itaas. Maaaring lumitaw ang waiver bilang credit kung ito ay dati nang na-bill.
3. Aalisin ang mga service charges para sa pag-instala sa pansamantala o bagong permanenteng lokasyon ng customer, at muling aalisin sa pagbalik ng customer sa apektadong lugar ng disaster.
4. Aalisin ang mga fees para sa isang jack at kasamang pagkakable para sa pansamantala o bagong lokasyon.
5. Aalisin ang mga fees para sa hanggang limang jack (para sa mga customer na may plan ng pagkakable) o isang jack (para sa mga customer na walang plan ng pagkakable), at ang nauugnay na pagkakable kapag bumalik ang customer sa kaniyang permanenteng lokasyon.